

Chapter One



“Tita Fe, nakita ba ninyo iyong salamin ko sa mata?” natutulirong tanong ni Judith Cuenca sa kanyang tiyahin. Naroon sila sa maliit na candle shop na pag-aari niya sa harap ng kanilang inuupahang apartment sa 2nd Avenue sa Caloocan City.

“Kanina pa nasa ulo mo,” nangingiting sagot nito habang inaasiste ang isang customer.

Humagalpak siya ng tawa nang maalala na roon nga pala niya inilagay kanina nang pagpawisan ang kanyang mukha. Pati tuloy ang matandang babaeng bumibili ay natawa rin sa kagagahan niya.

“Lumalabo na rin ba ang ulo mo?”

“Para kasing luminaw ang mga mata ko kanina, kaya inalis ko muna,” nakangiting sabi niya.

Natawa si Tita Fe. “Ewan ko ba sa ’yo. Kapag mabenta, parang alitaptap ang mga mata mo. Pero kapag matumal, aba, daig mo pa ang nasa loob ng kuweba. Biglang nangungulimlim ang paningin mo.”

“Talagang ganoon, Tita. Titigan ninyo ang lumang five hundred pesos, iyong halos kaunting daplis lang ng kamay mo, eh, mapupunit na. Hindi ba parang bago pa rin sa paningin ninyo?”

“Eh, kasi nga kahit mukhang basura na, pera pa rin iyon. Saka ikaw pa, kahit twenty-five centavos, pinupulot mo pa sa daan.”

“Aba, hindi ba ninyo alam na mahalaga ang barya? Walang piso kapag walang beinte-cinco.” Ikinukumpas-kumpas pa ni Judith ang mga kamay habang nagsasalita.

“Oo na,” nakapamaywang na sabi nito. “Eh, kung maghanap ka kaya ng mas malaking puwesto para rito sa negosyo mo? Hindi katulad dito, ang sikip-sikip. Kapag maraming bumibili, halos magkauntugan na tayo.”

“Hayaan ninyo, malapit-lapit nang mangyari iyon. Iyon nga ang pinag-iisipan ko nitong mga nagdaang araw. Ang problema lang, kapag may expansion, ibig sabihin dagdag din ng puhunan,” aniya.

“May naipon ka na naman, hindi ba?”

Medyo ikinurumpit niya ang mukha, nagkuwenta sa isip. “Puwede na, kaso mag-e-enrol na si Dale sa darating na pasukan,” tukoy niya sa limang taong gulang na anak. “Dapat doble-kayod ang gawin ko. Sa tingin ko nga, Tita, kailangan ko ng isa pang trabaho.”

“Puspusan na lang ang ibigay mong atensyon dito sa negosyo mo. Dapat nakatutok ka. Kawawa naman ang anak mo kung bukod dito, magtatrabaho ka pa. Wala na ngang ama,” anito.

Napasimangot siya nang marinig ang huling sinabi ng tiyahin. “Tita, akala ko ba nagkaintindihan na tayo? Nilinaw ko na sa inyo na ayoko nang marinig ang tungkol doon, hindi ba?”

Isang solo parent si Judith. Si Dale ang naging bunga ng isang malaking pagkakamali na ginawa niya sa kanyang buhay na kahit sa isip, ayaw na niyang balikan pa.

Napabuntong-hininga ang matanda. “Pasensya ka na. Hindi ko kasi minsan maiwasan na hindi iyon mabanggit. Naaawa kasi ako sa apo ko.”

“Nakokonsyensya rin po kasi ako kapag naaalala ko ang katangahan kong iyon. Lagi kong tinatanong ang sarili ko kung bakit ko nagawa iyon.” Naupo siya sa bangkitong naroon.

Napailing ang kausap. “Kalimutan mo na iyon. Hayaan mo, hinding-hindi ko na iyon uungkat in sa usapan. Ang ipagpasalamat mo na lang, kung hindi iyon nangyari, walang Dale na magpapangiti sa ’yo ngayon.”

Bumukal ang ngiti sa mga labi ng dalaga nang banggitin nito ang kanyang anak.

“Totoo iyan, Tita Fe. Kaya nga pursigido ako sa negosyong ito. Kahit magpakapuyat ako sa paggawa ng kandila, gagawin ko para mabigyan ko siya ng magandang kinabukasan,” aniya. Ngunit mayamaya ay muling sumeryoso ang kanyang mukha nang may naalala. “Kaya lang, may isa pa

akong problema.”

“Ano iyon?” usisa nito.

“Nagsisimula nang magtanong si Dale tungkol sa ama niya,” malungkot na sabi ni Judith.

“Ano ang sinabi mo?”

“Ang s’abi ko sa kanya, nasa malayo ang daddy niya. Doon nagtatrabaho.”

“Bakit ganoon ang sinabi mo? Sana sinabi mo na lang na patay na ang daddy niya para hindi na maghanap. Sigurado akong paulit-ulit na itatanong niya iyon sa ’yo hanggang sa paglaki niya.”

“Malulungkot naman ang anak ko kapag sinabi kong wala na ang daddy niya. Hayaan ninyo, ipapaliwanag ko sa kanya ang lahat kapag nasa tamang edad na siya para madali niyang maintindihan,” pangako niya.

“Sana nga madali niyang maintindihan ang nangyari. Ayokong dumating ang panahon na ikaw ang sisihin niya.” Nilapitan ni Tita Fe ang dumating na customer. “Judith,” baling nito sa kanya habang naghahagilap sa estante. “Wala na ba tayong available na rosemary?”

“Naku, kauubos lang,” turan niya sa dalagitang bumibili. “May pumakyaw kanina. Mamayang gabi pa lang ako gagawa ng bago. Mayroon pa naman kaming ibang scented candles dito. Baka gusto mong i-try?”

“Ano po ba ang puwede ninyong i-suggest? Iyon

po sanang mild lang sa ilong,” anito.

“Lahat naman ng candles namin, mild lang sa ilong. Pero kung soft scent talaga ang preference mo, vanilla ang maisa-suggest ko. O kung mahilig ka sa fruity scents, mayroon din kaming available na lemon, kiwi, at green apple,” nakangiting sabi ni Judith.

“Iyon na lang po sigurong vanilla at green apple. Pabilhan po ng tig-tatlo. Magkano po ba ang isa?”

“Twenty pesos ang isa kapag ganito kalaki,” aniya rito habang ipinapakita ang sample na kandila. “One hundred twenty pesos lahat.”

“Sige po.” Iniabot ng dalagita ang bayad sa kanya. “Tumatanggap din po ba kayo ng order?”

“Depende sa dami ng order. Thirty pieces ang minimum order sa akin.”

“Paano po ang terms of payment?”

“Kapag nag-order, dine-demand ko na iyong half of the price bilang downpayment. Pagkatapos iyong natitirang kalahati, upon delivery na,” paliwanag niya.

Ngumiti ito. “Salamat po. Inform ko na lang po kayo kung kailan ako magse-set ng order.”

“Okay, sige.” Nginitian din ni Judith ang customer pagkatapos ay iniabot niya ang kanyang calling card. “Just in case you can’t come to talk to me personally.”

“O, nakita mo na?” anang tiyahin sa kanya nang makaalis ang kausap. “Dapat mo na talagang palakihin ang tindahan na ito. At kapag dumami ang orders mo, kakailanganin mo na ng tauhan kahit dalawa lang.”

“Hay!” Napabuntong-hininga ang dalaga. “Sana nga, Tita Fe, magtuluy-tuloy ang ganitong sitwasyon. Gusto ko talagang umasenso sa sarili kong pagsisikap.”

“Huwag kang mag-alala. Narito naman ako. Magtutulungan tayo,” anito.

Niyakap niya ang tiyahin. Sa kabaitan nito at sa pagiging maasikaso, nagtataka siya kung bakit tuluyan nang pinabayaan ito ng mga anak.

Dalawa ang anak nito, isang lalaki at isang babae. Ngunit nang magkaroon ng kani-kanyang pamilya ang mga ito, sa ibang bansa na namalagi. Mula noon hanggang ngayon, kahit simpleng pangungumusta sa matanda ay hindi magawa ng mga ito.

Malaki ang utang-na-loob ni Judith sa kanyang Tita Fe. Mula nang maulila siya sa mga magulang, ito na ang nagpalaki at nagpaaral sa kanya hanggang high school. Ngunit nang tumuntong siya ng kolehiyo, siya na ang kumilos upang tulungan ito.



“Hindi pa ba tayo magpapalipad ng kite?”

tanong ni Judith sa anak nang ilabas nito mula sa knapsack ang maliit na piraso ng papel na may maikling mensahe.

“Sandali lang po, Mommy. Ikakabit ko lang ito sa kite,” sagot nito.

Nakasanayan na nila ni Dale na mamasyal sa *Rizal Park* tuwing araw ng Linggo pagkatapos magsimba. Iyon ang nagsisilbing bonding time nilang mag-ina.

“Ano ba ang nakasulat diyan?” Kumirod ang puso niya nang mabasa iyon.

Looking for my daddy. Please visit me.

Dale

“Anak, kanino ka nagpasulat niyan?” tanong niya rito. Pangalan pa lamang kasi ang alam nitong isulat.

“Kay Lauren,” tukoy nito sa Ingleserang kalaro. Mas matanda ng dalawang taon ang batang babae kaysa sa anak niya. “Mommy, paano malalaman ni Daddy kung saan tayo nakatira? S’abi mo, noong umalis siya, sa Batangas tayo nakatira.”

Lihim na napailing ang dalaga. Talagang wala pang alam sa mundo ang kanyang anak. Kung totoo lamang sana na nagtatrabaho ang ama nito sa malayong lugar, hindi na nito kailangang gawin iyon.

“Siguro mas maganda kung lalagyan mo ng address,” tugon niya.

Inosenteng napatingin si Dale sa kanya. “Ano po ba iyong address?”

“Para malaman niya kung saan tayo nakatira,” aniya.

Ngumiti ang bata saka iniabot sa kanya ang papel. “Sige po, Mommy. Sulatan po ninyo ng address natin iyan para madali tayong mahanap ni Daddy.”

Nang matapos ay saka nito ipinakabit sa kanya ang papel sa saranggola. Ilang sandali pa ay lumilipad na iyon sa himpapawid at nakipaglaro sa hangin.

Hindi masukat ang katuwaan sa mukha ng bata. Naroon ang malaking pag-asa na makikita nito ang pinapangarap na ama. Isang pag-asa na batid niyang imposibleng mangyari.

Pilit ang ngiting pinakawalan ni Judith. Ramdam niya ang emosyon na unti-unting umaakyat sa mga mata niya. Niyakap niya nang mahigpit ang anak saka hinalikan nang paulit-ulit.

“Bakit, Mommy?” tanong nito nang tila maramdaman ang nasasaloob niya.

Bigla tuloy niyang pinigil ang kumpol ng luhang naipon sa sulok ng kanyang mga mata. “W-wala, Anak. Love na love lang talaga kita!”

Si Dale naman ang yumapos sa kanya. “I love

you din, Mommy! Huwag ka nang malungkot. Kapag nakita ni Daddy iyong kite ko, uuwi na siya. Happy na tayo!”

Pakiramdam niya, nadudurog ang kanyang puso nang mga sandaling iyon. She couldn't bear the emotional pain of seeing him so confident at what he was doing. His infantile eyes were filled with expectations, yet there was nothing to hope for.

“Mommy, puwede na ba nating bitiwang iyong kite?” Napakurap-kurap siya nang magsalita si Dale.

Sinulyapan ni Judith ang saranggola. Matayog na ang lipad niyon. Kapag pinakawalan nila iyon, tatangayin lamang iyon ng hangin kung saan. Pagkatapos ay babagsak iyon sa lupa.

Dahil sa iniisip, napahugot siya ng malalim na hininga.

“O sige, pagbilang ko ng tatlo, sabay nating bibitiwang iyong tali, ha?” aniya sa anak. “Ready... one, two, three!”

Pumalakpak si Dale habang pinagmamasdan ang walang direksyon na paglipad ng saranggola. Hindi ito pumayag na umalis sila hangga't hindi nawawala iyon sa paningin nito.

“Mommy, makikita ba iyon agad ni Daddy?” tanong nito habang nag-aabang sila ng jeep pauwi.

“Mag-pray ka kay Jesus na makita agad iyon ni Daddy,” tugon niya.

Hindi kumibo ang bata. Mayamaya ay tiningala siya nito, tila kumukutitap ang mga mata. “Ano po ba ang name ni Daddy? Tinatanong po kasi ni Lauren. S’abi ko sa kanya, hindi ko alam.”

Muling naantig ang damdamin ng dalaga sa tanong na iyon. If she could only do magic in a snap of a finger, she wouldn’t hesitate to give what he wanted. But it wasn’t actually magic that they needed. It was miracle.

“E-Eric,” pagsisinungaling niya. Pangalan kasi iyon ng isang taxi na dumaan sa harapan nila.

“Ang ganda pala ng name ng daddy ko!” ani Dale, nagliwanag ang mukha. “Sasabihin ko agad iyon kay Lauren pagdating natin sa bahay. Ano po ang karugtong ng Eric?”

Bahagyang nangunot ang kanyang noo. “Anong karugtong?”

“Katulad ko po, Dale David Cuenca. Cuenca rin po ba iyong karugtong ng Eric?” paglilinaw nito.

Parang may bumara sa lalamunan ni Judith. Apelyido ang ibig nitong sabihin. Ngunit paano niya sasabihing iba ang apelyido ng ama nito?

Sa puntong iyon ay wala siyang mahagilap na sasabihin. Kahit ano pa ang sabihin niya, pihadong maguguluhan lamang ang bata at lalong hahaba ang kanilang usapan. Mabuti na lamang, may humintong jeep sa harapan nila.

“O, Anak, sakay na tayo. Mamaya na natin

ituloy ang usapan sa bahay, ha? Pagod na si Mommy, eh,” aniya habang inaalalayan ang anak sa pag-akyat sa sasakyan.

“Okay.”



Chapter Two



Umagang-umaga ay nag-init ang ulo ni Rafael Sanchez. Naroon siya sa kahabaan ng Roxas Boulevard. Paano, kung kailan kailangan niyang makarating sa opisina sa tamang oras, saka pa biglang nagloko ang makina ng kanyang second-hand na *Mitsubishi Lancer*.

Wala siyang ibang pagpipilian kundi ang pansamantalang iwan muna roon ang sasakyan. Babalikan na lamang niya iyon pagkatapos nilang mag-usap ng kanyang kliyente.

Food catering ang kanyang negosyo na siyang ikinabubuhay niya.

Isang bastardong anak si Rafael ng isang mayamang negosyante sa probinsya.

Mula nang itatwa siya nito, nangako siya sa sariling hindi lamang niya papantayan ang yaman nito kundi hihigitan pa niya. Kaya bilang panimula, kailangan niyang maging agresibo sa trabaho.

Pasakay na siya ng taxi nang mahapyawan niya ng tingin ang isang bagay na punit-punit. Hindi na sana niya iyon papansinin, ngunit nang makita niya ang isang papel na nakakabit doon, naisipan niyang damputin iyon.

Nang buklatin niya iyon sa loob ng sasakyan,

noon lamang niya napagtantong sulat-kamay iyon ng isang bata. Muntik na nga niyang hindi mabasa ang nilalaman dahil mukhang nabasa iyon ng ulan nang nagdaang gabi.

He was touched by the child's desire to see his father. Para kasi niyang nakita ang sarili sa sitwasyon ng bata. They were both longing for a father. Ngunit ang pangarap na iyon ay mukhang malabo na para sa kanya.

“Narito na po tayo, Sir,” untag ng driver nang iparada nito ang sasakyan sa gilid ng daan sa tapat ng kanyang opisina.

Nagmamadaling isinilid ni Rafael sa bulsa ang papel saka niya iniabot ang bayad sa lalaki.



“Judith, pupunta lang ako sandali sa palengke,” paalam ng kanyang tiyahin. “Babalik ako agad.”

“Sige po, Tita Fe. Ingat kayo,” aniya habang pinupunasan ang mga paninda.

“Nakatulog si Dale sa sofa. Baka mahulog siya,” bilin nito.

“Ako na po ang bahala kay Dale.” Pinanood muna niya ang matanda nang pumara ito ng tricycle at sumakay bago pumasok sa loob ng bahay upang silipin ang kanyang anak.

Awang-awa siya kay Dale habang pinagmamasdan ito. Ilang araw siyang nabingi sa mga tanong nito tungkol sa ama. Ngunit wala

siyang maisagot na tama.

Nang maisipan niyang buhatin ang bata upang ilipat sa silid, inabala siya ng mga katok sa labas.

“Ano iyon?” aniya sa pag-aakalang customer ang dumating.

“Good morning,” bati ng isang lalaki.

Nang mabistahan niya itong mabuti, bumilis ang tahip ng kanyang dibdib. Mestisuhin ang lalaki. Sa hitsura at porma nito, para itong Brazilian model. Bukod sa matipunong dibdib at matikas na pangangatawan, he had this South American brows and dramatic eyes.

“My name is Rafael Sanchez. I’m looking for Dale,” patuloy nito habang nakatuon ang paningin sa kanya.

“Dale?” nagtataakang ulit ni Judith.

“Yes,” anito. Nagulat siya nang ipakita nito ang papel na isinabit nila ng kanyang anak sa saranggola noon.

“I’m Judith, Dale’s mother,” aniya, nangunot ang noo. “I remember that letter. Pero bakit mo siya hinahanap?”

Ngumiti ang lalaki. “Actually, I saw this paper on my way to the office last week. Nang malaman ko na malapit lang pala ang lugar ninyo sa bahay ng pinsan ko, I decided to see Dale. Is he around?”

“Sorry, ha? Natutulog siya, eh.”

Despite her strong vigilance against men, lalo

yatang tumindi ang lagabog ng dibdib ni Judith habang tinititigan si Rafael. Kulang na lamang, matulala siya sa kaguwapuhan ng kaharap.

Tumangu-tango ang kausap. Ngunit mababanaag sa mukha nito ang panghihinayang dahil hindi nito nakita ang bata.

Bigla siyang nag-isip. Sa panahon ngayon, naglipana ang masasamang-loob. Baka mamaya, kapag nagtiwala siya rito, mapahamak ang kanyang anak. Malay ba niya kung kidnapper ito o serial killer na nagtatago sa makisig na mukha.

“Okay lang,” tila malungkot na sabi nito. “Maybe I could visit him some other time.”

“Hello po,” bati ng dalagitang bumili sa kanya ng kandila two weeks ago.

Nginitian niya ito. “Magse-set ka na ba ng order?”

Ngumiti rin ito. “Ah, hindi pa po. Sinamahan ko lang po si Kuya Rafael na pumunta rito.”

“Siya iyong sinasabi ko sa ’yo na pinsan ko. Sa kabilang street lang ang bahay nila,” ani Rafael sa kanya.

“Melanie po ang pangalan ko. Melanie Sanchez. Magkapatid po kasi ang mother niya at ang father ko,” nakangiting pakilala nito sa sarili.

Nakahinga nang maluwag si Judith nang malaman iyon. Kung hindi nagpakita sa kanya ang suki, talagang panginigilagan niya ang lalaki. Kahit

pa sabihing tipong Olympian god ito.

“M-Mommy...”

Napalingon sila sa pupungas-pungas na si Dale. Kagigising lamang nito.

“Siya si Dale, Kuya Rafael,” ani Melanie, nilingon ang pinsan.

“Hi, Dale!” nakangiting bati ng lalaki rito.

Napatitig ang batang lalaki sa taong noon lamang nito nakita. Nang hindi kumibo ang una, ipinakita ni Rafael ang hawak na papel.

Dale’s little eyes brightened. Sumilay rin ang ngiti sa makipot nitong mga labi. “D-Daddy?”

Nahapit ni Judith ang paghinga. Hindi niya akalaing sasabihin iyon ng anak. Nagkatinginan silang tatlo.

Nagmadaling lumabas ang bata at sabik na niyakap ang inaakalang ama.

“I’m not your daddy, Dale,” maingat na sabi ni Rafael dito.

Gumuhit ang lungkot sa mukha ng musmos. Kumawala ito sa mga bisig ng lalaki at tinitigan ang huli.

“Pero habang wala ang daddy mo, ako muna ang daddy mo. Gusto mo ba iyon?” anang binata sa inosenteng kausap.

Muling nagliwanag ang mukha ng bata. Tumango ito.

“You can also call me ‘Daddy’ if you like,” ani

Rafael.

“K-Kuya?” nagtatakang nasambit ni Melanie. Katulad ni Judith, hindi rin ito makapaniwala na sa isang iglap, biglang nagbago ang sitwasyon.

Hindi siya mapakali nang mga sandaling iyon. Gusto niyang komprontahin ang lalaki dahil sa ginagawang kalokohan nito. At idinadamay pa nito ang kanyang anak! Sa halip na makalimutan na ni Dale ang tungkol sa saranggola, dinoble pa nito ang problema niya.

“Melanie, puwede mo bang libangin muna si Dale sa loob? Buksan ninyo iyong TV. Mag-uusap lang kami ni Rafael,” aniya sa dalagita.

“Sige po. Halika muna sa loob, Dale. Ano ba ang gusto mong panoorin?” Niyakag nito ang bata papasok sa sala.

“Pero gusto ko kasama si Daddy, eh,” tanggi ni Dale habang nililingon si Rafael.

“Huwag kang mag-alala, susunod siya mamaya,” sabi na lang ni Melanie upang sumama rito ang batang lalaki. Napahinuhod naman ang huli.

“Ano ba ang gusto mong palabasin?” naniningkit na sita ni Judith sa lalaki nang magkasarilinan sila. “You’re a total stranger to us, Rafael. It’s hard for me to trust you. Wala ka rin sa teatro at lalong hindi ka artista para gampanan mo ang papel bilang ama ng anak ko. Wala kang

obligasyon sa amin para gawin iyon.”

“Alam ko,” seryosong sagot nito. “Gusto ko lang makatulong.”

“Makatulong?” Lalong nagsalubong ang mga kilay niya. “Hindi tulong ang ibinigay mo sa amin kundi problema. Alam mo ba ang ginawa mo? Pinalala mo ang sitwasyon. Lalo mo lang pinaaasa ang anak ko sa wala.”

Napabuntong-hininga ang dalaga. “Oo nga, you made him happy by saying that. Pero ngayon lang iyon. It doesn’t mean you’d be playing that role for a lifetime. Pagkatapos ng araw na ito, ano?”

“Paninindigan ko ang sinabi ko,” walang gatol na tugon nito.

“Anong paninindigan?”

“I can be his father until his own father comes home.”

Napailing si Judith. “I don’t know what you’re talking about, Rafael. Pero malabong mangyari ang sinasabi mo.”

Nangunot ang noo nito. “Ano ang malabo doon? Bakit hindi ka na lang magpasalamat sa akin? As you said, I’m a stranger and I have my own life but I’m willing to save Dale from loneliness.”

“Because Dale never had his own father!”

Natigilan ang lalaki at napatitig sa kanya. Pagkatapos ay narinig niyang nagbuntong-hininga ito.

“Nang mabasa ko ang sulat ni Dale, I suddenly felt lonely. You want to know why?”

Napatitig din siya rito, tila nagising ang puso na marinig ang sasabihin ng kausap.

“I don’t know what happened to Dale’s father, but I can feel we’re in the same situation. Alam ko ang pakiramdam ng nangungulila sa isang ama.

“Hindi ko kaanu-ano ang bata, pero gusto ko siyang mapasaya. Ayokong matulad siya sa akin na hanggang ngayon, itinatakwil pa rin ng sariling ama. I want him to feel how it is like to have a father figure. Kahit hindi ko alam kung saan ako magsisimula.

“You shouldn’t doubt me, Judith. Mabuti akong tao. So far, I don’t have a family of my own, and I don’t even have a girlfriend. So walang magagalit kung magiging magkaibigan tayo,” paliwanag nito.

Unti-unting lumambot ang ekspresyon ng dalaga nang marinig iyon. “Makakaabala kami nang husto sa ’yo. I mean, if you have a job, a hobby or something, mahahati pa ang oras mo dahil sa anak ko,” aniya.

“No,” umiling ang lalaki. “I have a full control of my time. There’s nothing to worry about.”

“Ikaw ang bahala. Hindi ka naman namin pinilit,” she said, letting out a sigh. “Hiling ko lang sa ’yo, don’t make a promise to Dale that you can’t keep. Just make him happy.”

Naupo si Judith sa silya nang makaalis ang magpinsan. Hindi siya makapaniwala sa bilis ng mga pangyayari.

Sana lamang, kung anuman ang napagkasunduan nila ng binata, maging maganda ang epekto niyon sa pagkatao ng kanyang anak. Because she only wanted the best of everything for Dale.



“Wow! Ang dami naman nito, Daddy.”

Hindi masukat ang kaligayahan sa mukha ni Dale nang muling bumisita roon si Rafael. Hindi magkandatuto ang bata sa pagbukas ng bitbit nitong mga pasalubong.

“Oo nga, Rafael. Hindi ko naman sinabing gastusan mo si Dale nang ganyan. Ang usapan natin—”

“Okay lang, Judith. Maliit na bagay lang iyan, pero tingnan mo naman kung gaano kasaya si Dale. Hindi iyan kayang tumbasan ng kahit anong halaga ng pera,” anang lalaki.

Parang hinaplos ang puso ng dalaga sa narinig. Kung lahat ng lalaki sa mundo ay ganito ang pamantayan pagdating sa pagiging ama, wala sanang anak na mauuhaw sa pagmamahal.

At kung hindi rin siya nagpadalus-dalos sa pagdedesisyon noon, wala sanang Dale ngayon na namamalimos niyon.

“Thank you,” tanging nasabi niya sa binata. Ngumiti si Rafael. “You’re welcome.”

Mayamaya ay lumabas mula sa kusina ang kanyang tiyahin. Palibhasa ay noon lamang nagkita ang mga ito, tipong pang-imbestigador ang ipinukol nitong tingin sa bisita.

“Siyanga pala, Rafael, siya ang tiyahin ko, si Tita Fe. Tita, siya po si Rafael, iyong ikinuwento ko sa inyo noong isang araw,” aniya.

Ngumiti naman ang matanda bagaman naroon pa rin ang tila malalim na pag-iisip tungkol marahil sa pagkatao ng bago niyang kakilala. Katulad ni Judith, hindi rin madaling magtiwala si Tita Fe. Mas iniisip kasi nito kung ano ang maaaring motibo ng paglapit ng lalaki sa kanila.

Ngunit para sa kanya, ramdam niyang nais lamang talagang makatulong ni Rafael.

“Judith, ano nga pala ang gusto mong lutuin ko? Dito ba manananghalian ang bisita mo?” tanong nito sa kanya, ngunit ang paningin ay nakatuon pa rin sa binata.

“Huwag na po siguro kayong magluto, Tita Fe. Balak ko kasing ipasyal itong mag-ina. Sa labas na rin kami magla-lunch. Ite-take home na lang namin kayo ng meal. Ano po ba ang gusto ninyo?” ani Rafael.

“Naku, huwag na ninyo akong intindihin. Kayo na lang,” sagot ng tiyahin ni Judith. Pagkasabi

niyon ay bumalik ito sa kusina.

“Yehey! Mamamasyal kami!” tuwang-tuwang sabi ni Dale, pumapalampak. “Mommy, bihisan mo na po ako.”

“Sige, Anak. Punta ka na sa kuwarto. Susunod ako doon,” aniya sa bata. Pagkatapos ay binalingan niya ang binata. “Okay lang ba sa ’yo ang maghintay, Rafael? Pagkatapos kong bihisan si Dale, maliligo lang ako sandali.”

“Sure.” Ngumiti ito. “Take your time.”

Pagkaraan ng ilang minuto, lumabas si Judith ng banyo. Nagulat siya nang mabungaran sa labas ng pinto ang kanyang tiyahin. Napahawak siya sa kanyang dibdib.

“Nakakagulat naman kayo, Tita!” aniya rito.

Ngumiti ito. “Narito lang ang tisoy na iyan, naging nerbyosa ka na!”

“Naku, Tita, ha!” Napangiti rin siya sa panunukso nito.

“O, eh, bakit ka nangingiti? Mayroon ba akong dapat agapan?”

“Agapan?” Napaisip siya.

“Judith, hindi pa kasi natin gaanong kilala ang lalaking iyan. Baka mamaya mahulog agad ang loob mo sa kanya. Sigurado ka bang iyon lang ang motibo niya?” Pagkatapos ay pumalatak ito. “Pahamak kasi ang sulat na iyon. Ikinabit pa ninyo sa saranggola. Kaya ayan, nagmumukha tuloy

kayong kawawa ng anak mo sa paningin niya.”

“Mukha naman siyang mabait, Tita,” aniya.

“Eh, iyon na nga. Mayroon bang tao na nagpakita ng pagiging salbahe para makuha ang gusto niya? Hindi ba wala?”

“Kung mayroon man siyang ibang motibo bukod sa sinasabi niyang pagtulong, hindi naman po ako papayag na basta na lang niya kaming maiisahan,” tugon ng dalaga.

“Ayan ka na naman, eh,” sabi nito, napabuntong-hininga. “Iyan bang pagsulpot ni Dale dito sa mundo, sa tingin mo ba, hindi ka naisahan?”

“Tita, si Rafael ang pinag-uusapan natin. Bakit hinahalungkat na naman ninyo ang nakaraan? Kahit nga sa isip, ayoko nang alalahanin iyon. Pero lagi naman ninyong binabanggit sa akin. Paano ko iyon makakalimutan?”

Natahimik si Tita Fe. Napapikit ito nang mariin.

“Ewan ko ba, Judith. Hindi ko maiwasang mag-alala para sa 'yo at sa anak mo. Ayokong mangyari na sa bandang huli, kayong mag-ina ang masasaktan. Hindi ko gugustuhin iyon. Masasaktan din ako.” Nangilid ang luha nito.

Niyakap niya ang tiyahin. “Huwag po kayong mag-alala. Hindi ko hahayaang mangyari iyon. Mag-iingat po ako,” paniniyak niya rito.

“Inaasahan ko talaga na mag-iingat ka. Nawa ay gabayan ka ng Diyos.”

Chapter Three



Napagkasunduan nila ni Rafael na pumunta sa *Grand Central* sa Monumento. Iyon ay dahil na rin sa kagustuhan ni Judith. Ayaw na niyang mapalayo pa sila dahil kailangan niyang makabalik kaagad sa bahay upang matulungan ang kanyang tiyahin sa pagtitinda.

Kahit hindi pa niya masukat ang pagkakaibigan nila, she was very proud dahil siya ang kasama ni Rafael. Ngunit naisip niya, kung nagkataon siguro na nobya siya nito, malamang ay pagseselosan niya ang bawat babaeng aaligid sa binata.

Bigla tuloy niyang sinulyapan si Rafael. Totoo kayang wala pa itong nobya? O hindi kaya iyon lamang ang malimit na pakilala nito upang makapangolekta ng babae? At idinahilan lamang nito si Dale upang mapalapit sa kanya? Umaasa ba siyang mapapansin siya nito?

Ilusyonada! tahimik na saway niya sa sarili.

“Bakit ka nangingiti?” tanong nito sa kanya.

“Wala lang.” Ikinibit niya ang mga balikat.

“Naisip ko lang, siguro kung mag-aartista ka, sisikat ka.”

Natawa si Rafael. “Wala akong hilig sa pag-aartista.”

“Ano ang hilig mo? Alak, sigarilyo, sugal, o babae?”

Natawa ito. “Ang totoo, wala kahit isa sa sinabi mo. Wala akong bisyo at lalong hindi ako babaero.”

“Nakakapagtaka lang kasing wala kang girlfriend,” nakangiting sabi niya.

“Alam mo,” napapailing na saad nito, “nakakatawa minsan ang mga komento ng tao. Kapag may girlfriend ang isang lalaki, iisipin nila babaero. Kapag wala, bading.”

“Alin ka doon?” nakangiting tanong niya.

Muling tumawa ito. “Lalong hindi ako bading,” anito.

“Bakit nga ba wala kang someone special? Huwag mong sabihing kahit minsan hindi ka pa nagka-girlfriend?” interesadong tanong niya.

“Dati, oo,” tugon nito habang naglalakad.

“Ano ang nangyari?”

He glanced at her. Hindi matukoy ni Judith kung nagtataka o naguguluhan ito sa mga tanong niya. Si Dale naman ay natutuwang tumitingin sa paligid.

“Our relationship lasted for almost one year. But I was disappointed when I found out from our common friend na dalawa pala kaming pinagsasabay niya,” kuwento nito.

Napakunot-noo ang dalaga. “Hindi ikaw ang pinili niya?”

Sumeryoso ang mukha nito. “May-edad na iyong lalaki pero mayaman, kaya iyon ang pinili niya. But later on, she realized na ako ang mahal niya.”

“So nagkabalikan kayo?”

Sinulyapan siya nito. “I wasn’t stupid to keep her.”

“You mean that was your first and last serious relationship?”

Tumango si Rafael.

“You didn’t have any other girlfriends?”
paniniguro niya.

“I decided not to be involved in any serious relationship. I worked hard to save money para makapagsimula agad ng isang negosyo. And when I opened my food catering business, doon na nabuhos ang lahat ng oras ko,” lahad nito.

“Businessman ka pala,” turan niya.

Sa wakas ay muling ngumiti ang kausap.
“Small-time lang. Pero balang-araw, kapag nakaipon na ako ng mas malaking pera, balak kong magtayo ng restaurant.”

“Siguro magaling kang cook. Food business kasi ang interest mo, eh,” nakangiting komento ni Judith.

“Kung seseryosohin kasi, mas mabilis ang asenso doon. Basic need ng tao ang pagkain. Filipinos really love to eat. Para ngang hobby na

natin ang kumain,” paliwanag nito.

“That’s nice. I wish you luck.”

“Thank you,” nakangiting sabi nito.

Mayamaya nang may nalingunan itong shoe store, niyaya sila ni Rafael na pumasok sa loob niyon.

Nagulat si Judith nang damputin ni Rafael ang isang pares ng rubber shoes at ipakita iyon sa kanyang anak.

“Dale, gusto mo ba ito?” tanong nito sa bata.

Namilog ang mga mata ng huli pagkatapos ay tumango.

“O sige, maupo ka muna rito. Isusukat ko sa ’yo.” Ipinuwesto ng binata si Dale sa upuan na naroon.

“Rafael, katatapos lang natin mag-usap tungkol sa pangarap mong negosyo pagkatapos ibibili mo si Dale niyan? Sige ka, mababawasan ang ipon mo,” wika niya. Naasiwa kasi siya tuwing gumagastos ito para sa anak niya na kung tutuusin, hindi naman dapat.

“Judith, I want him to be happy and we agreed about that. Besides, happiness means a lot more than money,” giit nito.

Hindi na siya nakipagtalo pa sa binata. Alam niyang malabong magpaawat ito.



“Gaano na katagal itong negosyo mo?” tanong

ni Rafael sa kanya nang makabalik sila ng bahay. Sinamahan siya nito na tumao sa candle shop.

“Three years,” sagot niya.

“Mukhang okay naman ang sales,” anito.

Wala pang isang oras, apat na customers na ang napagbilhan niya.

“May time din na mahina ang benta pero kadalasan, puwede na.”

Dinampot ng binata ang isang kahon ng kandila. “Attractive ang packaging mo saka affordable ang price. But you can make it more striking para kakaiba sa paningin ng customers. Marami ka kasing kakompetensya sa business na ito kaya dapat, you have one great thing that they don’t have,” komento nito.

“Tama ka. Pinaplano ko ngang gumawa ng distinctive shapes na dito lang makikita at mabibili. Kung sakaling may gumaya, at least, ako ang nauna,” sabi niya.

“That’s good. Maganda iyang ideya mo.

Gusto mo, tulungan kita in terms of finances and marketing?” suhestyon nito.

“Puwede ba?”

“Sure,” nakangiting tugon ng kausap.

“Alam mo, minsan nga nangangarap ako na sana, dumating ang araw na lumaki ang negosyo ko. Hindi lang para sa akin kundi para kay Dale. Gusto kong mapalaki siya nang maayos sa

maalwang paraan. Hindi katulad ng pinagdaanan ko,” aniya.

Napatitig ang lalaki sa kanya. “What do you mean?”

Humugot muna ng malalim na hininga si Judith bago tumugon. “Katulad mo, sariling sikap din ang ginawa ko para makatapos ng kolehiyo. Maliit pa ako nang mamatay ang mga magulang ko. Mula noon, si Tita Fe na ang kumupkop at nag-alaga sa akin.”

“Maybe that’s why we get along well this early. We both have the willpower,” he said.

Napangiti siya. “And we’re both into business. Iyon nga lang, mine is little like a chick compared to yours.”

“Karamihan sa umunlad na negosyo, nagsimula sa maliit. So don’t demean yourself and never learn to compare,” anito.

“Sa tingin mo ba, kaya ko rin iyon?”

“Of course.”

Pumitlag ang puso ng dalaga nang hawakan ni Rafael ang kanyang kamay at pisilin iyon. Hindi tuloy niya naiwasan na mapatitig dito. Nang magtama ang kanilang mga paningin, nayanig ang dibdib niya. Suddenly, she could feel the soft bustling of her heart and the slight quivering of her flesh.

But despite her flowing romantic expectations,

he withdrew his stare and stood beside her.

“What about Dale’s father?” sa halip ay tanong nito.

Her gentle expression became agitated.
Napatingin siya sa binata.

“If you don’t mind,” dugtong nito. “I just want to know.”

Kung pangkaraniwang istorya lamang marahil ang naging relasyon niya sa ama ng kanyang anak, hindi siya mangingiming ilahad dito iyon. Ngunit dahil sensitibong bagay iyon para sa kanya, nangangamba siyang baka pati ang pakikipagkaibigan ni Rafael sa kanya ay mawala pa.

“He left me when I got pregnant,” pagsisinungaling niya.

“I’m sorry to hear that.”

“Okay lang.” Naikibit ni Judith ang kanyang mga balikat. “Matagal ko nang natanggap ang nangyari. Talaga namang ganoon, hindi ba? May mga lalaking takot sa responsibilidad.”

“The fact is, yes. There are some, pero hindi lahat.” Sinulyapan siya nito. “In my case, I don’t fear responsibility. Sa katunayan, when I get to settle down, gusto ko na lalaki ang magiging panganay namin ng kung sino mang mapapangasawa ko.”

Napakunot ang kanyang noo habang nangingiti.

“Bakit?”

“Para may magdadala agad ng apelyido ko. No matter what I have, he’d be proud that I’m his father.” Pagkasabi niyon ay bumigat ang anyo nito. “Unlike my own father.”

“May communication pa ba kayong dalawa?” naisip niyang itanong.

Ngumiti ito nang mapait. “Para sa kanya, it’s a waste of everything when it comes to me. Kahit kaunti, hindi niya ako kinilala. Hindi ko lang masabi sa kanya na hindi ko naman ginustong maging anak niya. If only I had the chance, I’d rather choose the poorest father in the world who could take me as his son.”

“So I presumed your father is rich.”

“He’s a recognized businessman in our place.”

Napatangu-tango siya. “Kaya pala businessman ka rin.”

Napatingin si Rafael sa kanya nang sabihin niya iyon.

“I’m sorry,” maagap na sabi niya. “I didn’t mean you’re like your father.”

“Kung kaya ko lang gawing mas mabilis, I’d chase the way to put him down,” napabuntong-hiningang sabi nito.

Kitang-kita ng dalaga ang matinding galit na unti-unting namumuo sa mga mata nito.

“Rafael, mag-iiba ang inog ng mundo pero ang

relasyon ninyo bilang mag-ama, hindi. He's still your father," she reminded him.

"In superficial horizon, yes. But it's not deeper than the word itself."

Hindi napansin ni Judith na naidantay niya ang kamay sa braso nito. "I'm sorry. I know how it feels."

Nasorpresa siya nang ilapat nito ang mga labi sa kanya.

Ngunit nang sinimulan nitong laliman ang halik, siya na ang kusang bumitiw sa mga bisig nito. Naalala kasi niya ang mga bilin ng kanyang tiyahin na huwag basta magtitiwala kahit kanino.

"What's wrong?" nagtatakang tanong ni Rafael sa kanya.

Umiling-iling ang dalaga. "There's nothing wrong. N-nabigla lang ako sa ginawa mo."

"It's just a kiss," he said.

It's just a kiss?

Inaamin niya sa sarili, nasaktan siya sa mga salitang iyon. Those words were like hammer that hit her unexpectedly. Ano ba ang kahulugan ng halik para rito? Isang pasasalamat lamang? Hindi kasi iyon ang mga salitang inaasahan niyang isasagot ni Rafael.

"Sa tingin ko, kailangan kong magpahinga muna. Biglang sumakit ang ulo ko. Excuse me." Nagmamadaling tinalikuran niya ang lalaki.

“O, umalis na ba si Rafael? Hindi yata nagpaalam,” anang tiyahin nang makasalubong niya ito sa sala.

“Iniwan ko po sa tindahan. Balak yatang magtinda maghapon,” naiinis na aniya. Pagkasabi niyon ay dere-derecho siya sa silid.

“Ha?” tanging nasambit ng matanda, bakas sa mukha ang pagtataka.



“Magsabi ka nga ng totoo, Judith,” ani Tita Fe sa kanya nang makaalis si Rafael. “Nobyong mo na ba ang tisyong na iyon?”

“Naku, hindi po,” nakasimangot na sabi niya. Sinundan siya nito nang bumalik siya sa tindahan.

“Kung hindi, eh, bakit sambakol ang mukha mo? Nagkatampuhan ba kayo? Ano ba ang nangyari?” sunud-sunod na usisa nito. “Nakaalis iyong tao na hindi mo man lang nilabas.”

Nagbuntong-hininga ang dalaga bago nilingon ang tiyahin. “Hindi ko siya maintindihan, eh.”

“Bakit?”

Napatitig siya rito. “H-hinalikan niya ako, Tita Fe. Pero nang mapansin niya sigurong nagulat ako, sinabihan ba naman akong halik lang daw iyon. Para na rin niyang sinabi na big deal sa akin ang paghalik niya,” sumbong niya.

“Baka naman kasi halata sa mukha mo na umaasa kang may ibang ibig sabihin iyon?”

Natigilan siya. Sa isang banda, may katuwiran ang tiyahin. Kahit siguro itago pa niya ang totoong damdamin sa kasuluk-sulukan ng kanyang isip, mararamdaman pa rin iyon ng lalaki.

Nang hindi siya kaagad sumagot, pumalatak ang matanda. Namaywang ito habang ikinukumpas ang isang kamay.

“Sinasabi ko na nga ba, hindi ka rin nakinig sa mga paalala ko,” dismayadong sabi nito.

“Hindi ko po boyfriend si Rafael,” giit niya.

“Eh, bakit ka nagpahalik?”

“Hindi ko naman po akalain na gagawin niya iyon,” tugon niya. Tumalikod siyang muli at nilibang ang sarili sa pag-aayos ng mga paninda.

“Hay naku, Judith! Kahit hindi mo aminin sa akin, kitang-kita ko sa mga mata mo na may paghanga ka sa lalaking iyon.” Napailing ito.

“Paalala lang, huwag mong gawing batayan ang hitsura sa pagpili ng makakasama mo sa buhay. Para sa akin, mas gugustuhin ko pang makapag-asawa ka ng pangit, basta mabait at iyong mamahalin ka talaga.”

“Tita, hindi naman sa ipinagtatangol ko si Rafael. Pero hindi lahat ng guwapo, masama na ang ugali,” kontra niya.

“Hindi ko hinuhusgahan ang pagkatao niya. Ang ibig kong sabihin, kapag ang kagaya niya ang mapapangasawa mo, hindi ka matatahimik sa

pagseselos. Pihadong maraming babae ang lalapit sa kanya. Alam mo naman ang mga babae ngayon, mga palaban at agresibo. Kapag ginusto, gagawin ang lahat. At dahil lalaki si Rafael, may posibilidad na hindi niya mapaglabanan ang tukso. Ikaw ang kawawa sa bandang huli,” paliwanag nito.

Muli siyang humugot ng hininga. Nilingon ni Judith ang kausap.

“Salamat, Tita Fe. Naiintindihan ko ang punto ninyo. Pero...”

“Pero ano? Hindi mo mapigilan ang sarili mo na mahalini siya? Hindi pa ba sapat na dahilan si Dale para bigyan ka ng aral? Para hindi ka na magkamali uli?”

“Huwag po kayong mag-alala, Tita. Sa tingin ko naman, hindi ako ang tipo ng babae na papatulan ni Rafael. Bukod sa may anak ako sa pagkadalaga, hindi kami bagay sa isa’t isa. Sa hitsura pa lang, wala na akong panlaban sa kanya. Baka mapagkamalan lang akong kasambahay kapag kasama ko siya.” But behind those words, there was a trace of disappointment and hopelessness.

Kung pisikal na katangian ang pagbabasehan, simple lamang si Judith. 5’1” ang taas niya at mapusyaw sa kayumanggi ang kulay ng kanyang balat. Maganda naman ang mga mata niya. Ang kaso, natatakpan iyon ng makapal na lenses ng kanyang salamin dahil high school pa lamang ay

may kalabuan na ang paningin niya.

Napaisip siya. Bakit nga ba niya po problemahin ang halik ng lalaking iyon? Sinabi nga nito, it was just a kiss.

